7:4
10-12-11

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG SETYEMBRE 27, 2010, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 170-T2010**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 42-T2010 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 3-T2010 NG BARANGAY LABUIN NA NAGLILIPAT NG HALAGANG APATNAPUNG LIBONG PISO (Php40,000.00) MULA SA PONDO SA FENCING NG BASKETBALL COURT TUNGO SA PONDO SA PAGPAPABUBONG NG DAY CARE CENTER SA SITIO ANTIPOLO NG NABANGGIT NA BARANGAY NA LAHAT AY NASA 20% DEVELOPMENT FUND.**

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 42-T2010 at Kautusan sa Paglalaan Blg. 3-T2010 ng Barangay Labuin na naglalayong makapaglipat ng pondo ng barangay, ayon sa isinasaad sa itaas nito;

**SAPAGKA'T**, ito ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi, para sa pagsusuri at pag-aaral;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at malaman ang kahalagahan ng paglilipat ng pondo upang maisaalang-alang ang proyekto pata sa pangangailangan ng mga bata, ay inirekomenda ng Lupon sa Pananalapi na pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga tuntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa munkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw (Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. at Ramon D. Tan at buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 42-T2010 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 3 – T2010 ng Barangay Labuin na naglilipat ng halagang Php40,000.00 mula sa pondo sa fencing ng Basketball court tungo sa pondo sa pagpapabubong ng Day Care Center sa Sitio Antipolo ng nabanggit na barangay na lahat ay nasa 20% development fund.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Badyet at Sang. Barangay ng Labuin, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan